



Australian Government



Ang pagbabakuna laban sa COVID-19 ay inirerekomenda para sa mga batang nasa edad 6 na buwan hanggang 4 na taon

Ika-7 ng Setyembre 2022

Ang mga eksperto ng immunisasyon sa Australya, ang Australian Technical Advisory Group on Immunisation, ay nagrerekomenda ng pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga batang edad 6 na buwan hanggang 4 taon na may malalang immunocompromise, may kapansanan, at sa mga may komplikado at/o maraming mga problema sa kalusugan na nagdaragdag ng kanilang panganib sa matinding COVID-19.

Kabilang dito ang mga batang may mga sumusunod o kaparehong kondisyon:

- Ang mga may matinding primary o secondary immunodeficiency, kasama na ang mga nagpapagamot sa kanser, o nagpapagamot ng mga nagpapahina ng resistansya (immunosuppressive);
- Mga nagpapasalin sa utak ng buto (bone marrow) o selyula, o chimeric antigen T-cell (CAR-T) therapy;
- May komplikadong likas na sakit sa puso;
- May problema sa daanan ng hangin o matagal na sakit sa baga;
- Type 1 na dyabetis mellitus (mataas ng asukal sa dugo);
- Matagal na problema sa mga nerbiyos at kalamnan, o
- Isang kapansanan na nangangailangan ng tulong sa pang-araw-araw na pamumuhay, katulad ng may matinding cerebral palsy o Down Syndrome (Trisomy 21).

Ang mga batang ito ay may napataas na panganib ng malalang pagkakasakit mula sa COVID-19. Ang pagbabakuna laban sa COVID-19 ay makakatulong sa pagbawas ng panganib na ito.

Ang mga batang may edad 6 na buwan hanggang 4 taon na hindi nakalista sa mga kategoryang nararapat ay may napakababang panganib na magkakaroon ng malubhang pagkakasakit mula sa COVID-19. **Hindi** sila inirerekomendang magpabakuna laban sa COVID-19 sa ngayon.

Ano ang ibabakuna sa mga batang nasa edad 6 na buwan hanggang 4 na taon?

Ang mga batang kwalipikado na may edad 6 na buwan hanggang 4 na taon ay inirerekomendang mabigyan ng 2 dosis ng bakuna laban sa COVID-19, na ibibigay 8 na lingo ang pagitan. Ang mga bata na malalang immunocompromise ay maaaring mangangailangan ng 3 dosis. Ang mga batang nasa ganitong grupo ng edad ay maaaring mabakunahan ng Spikevax (Moderna).

Ano ang mga bakuna ang maaaring gamitin para sa mga batang may edad na 5 taon at mas matanda?

Lahat ng mga batang may edad na 5 taon at mas matanda ay maaaring mabakunahan laban sa COVID-19 ngayon.

Ang mga batang may edad na 5 taon at mas matanda ay maaaring mabakunahan ng Moderna o Pfizer laban sa COVID-19. Ang mga batang may edad 5 taon at mas matanda ay inirerekomenda na magkaroon ng 2 dosis ng bakuna laban sa COVID-19, na ibibigay 8 linggo ang pagitan. Ang mga batang matinding immunocompromise ay maaaring mangangailangan ng 3 dosis.

Ginugusto na ang mga batang may na edad 5 taon at mahigit ay mabakunahan ng magkaparehong marka ng bakuna para sa dalawang dosis.

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 at iba pang mga bakuna

Ang Australian Technical Advisory Group on Immunisation ay nagrerekomenda na ang mga batang edad 6 na buwan hanggang 4 na taon ay magkakaroon ng 7 hanggang 14 araw na pagitan ng mga pagbabakuna laban sa COVID-19 at sa iba pang mga bakuna, upang mabawasan ang panganib sa mga side effect katulad ng lagnat. Ngunit ang bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring maisabay sa ibang mga bakuna kung mahirap na magawa ito nang hiwalay, kagaya ng kung gagawin ito sa mga malalayong lugar.

Kung ang iyong anak ay nagkaroon na ng COVID-19

Kailangan na ang iyong anak ay maghintay ng 3 buwan pagkatapos nasuri na positibo sila sa COVID-19 bago magpabakuna laban sa COVID-19. Kung ang iyong anak ay nararapat na mabakunahan, ang susunod na pagbabakuna laban sa COVID-19 ay dapat magawa sa pinakamadaling panahon pagkalipas ng 3 buwan. Ang iyong anak ay dapat pa ring mabakunahan ng lahat ng mga dosis na inirerekomenda para sa kanila.

Kailan ako makapagpareserba ng appointment para sa pagbabakuna ng aking anak?

Maaari nang magpareserba para sa mga kwalipikadong bata sa pangkat ng edad na ito sa pamamagitan ng Vaccine Clinic Finder: <https://covid-vaccine.healthdirect.gov.au/booking/>

Palaging tingnan ito, dahil ang mga tagapagbigay ng bakuna ay magpapatuloy na magdaragdag ng mga bagong appointment.

Karagdagang impormasyon



Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.health.gov.au, o tumawag sa National Coronavirus Helpline sa 1800 020 080. Pindutin ang opsyon 8 para sa mga libreng serbisyo ng interpreter.